REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 91-175**

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGKAKALOOB NG TERMINAL PAY KAY DATING TAGATASANG PAMBAYAN NG MUNTINLUPA G. JOSE ROSALES NA NAGKAKAHALAGA NG PITUMPU'T APAT NA LIBONG PISO (₱74,000.00).

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang isang tapat at mahusay na panunungkulan ay dapat suklian ng pagpapahalaga't pagkilala ng pinagsisilbihan;

SAPAGKAT, si G. Rosales na sa kabuuan ng kanyang panunungkulan sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay nagsilbi ng buong kahusayan, katapatan at dedikasyon sa takdang tungkulin at hindi kinakitaan ng anumang katiwalian manapa'y naipakita niya ang kalinisan ng isang lingkod-bayan;

SAPAGKAT, sa kanyang sipag at kagalingan ay nataas niya ng unti-unti ang katayuang pananalapi ng pamahalaang bayan ng higit sa inaasahan sa panahon ng kanyang panunungkulan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na pagtibayin ang pagkakaloob ng terminal pay kay dating Tagatasang Pambayan ng Muntinlupa G. Jose Rosales na nagkakahalaga ng Pitumpu't Apat na Libong Piso (₱74,000.00).

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 140 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-28 ng Enero 1991.

PINAGTIBAY:

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pansamantalang Pambayang Kalihim

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

MGA SUMANG-AYON: Kgg. J.R. Fresnedi; Kgg. C.G. Tensuan; Kgg. E.A. Espeleta; Kgg. R.E. Bulay; Kgg. L.B. Constantino; Kgg. R.E. Niefes; Kgg. N.O. Mozo; Kgg. R.B. Joaquin; Kgg. R.C. Smith; Kgg. N.L. Diaz at Kgg. V.Y. Chua

IRB/PBS/vts